DEPED - GENERAL SANTOS CITY
SIMPLIFIED
SELF-LEARNING MODULE
(S S L M)

GENSAN's ProTUNA
General Santos City's Pro-Active Response in Turbulent, Uncertain, New and Ambiguous Environment

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO – BAITANG 10

Pangalan: _____ Petsa: _____

Baitang: _____ Pangkat: _____

Markahan: Una **Linggo:** Una **SSLM No.** 1 **MELC(s):** Natutukoy ang mataas na gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob. **(EsP10MP-Ia-1.1)**

- **Layunin:**
  1. Natutukoy ang gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob sa angkop na sitwasyon.
  2. Nasusuri kung ginamit nang tama ang isip at kilos-loob ayon sa tunguhin ng mga ito.
- **Pamagat ng Textbook/LM na Pag-aaralan**: Edukasyon sa Pagpapakatao 10
- **Kabanata:** 2 **Pahina:** 21- 38 **Paksa**: Ang Mataas na Gamit at Tunguhin ng Isip at Kilos-loob

Tuklasin Natin

Ang Mataas na Gamit at Tunguhin ng Isip at Kilos-loob

Bilang persona, ano-ano ang ginagawa mo upang malinang ang iyong pagkasino? Ikaw ay isang obra maestra ng Diyos sapagkat ikaw ay nilikhang kawangis niiya.May epekto ba ang katagang ito sa iyo? Ang katagang ito ay isang pampapukaw at isang hamon sa tao sa pangkalahatan kung nagagawa niyang kumilos ayon sa pagkakalikha sa kanya …ang magpakatao. Higit kanino man,ang tao ang inaasahang may malaking papel na gagampanan sa mundong kaniyang kinaroroonan at ginagalawan. Sa baitang 7 ng Edukasyon sa Pagpapakatao, naging malinaw sa iyo na ang tao ay natatanging nilikhang nabubuhay sa mundo. Ano ba ang nagpapabukod –tangi sa tao sa ibang nilikhang may buhay upang makamit niya ang layunin ng pagkakalikha sa kaniya bilang tao? Sa kaniyang pag-iisip,pagpapasiya,at pagkilos ,nagiging bukod tangi ang tao. Sa *Simplified Self Learning Module (*SSLM) *activity* na ito babalikan mong muli ang taglay mong kakayahan bilang tao upang matugunan mo ang hamon ng pagpapakatao.Paano mo nga ba gagamitin ang kakayahan na itinuturing pa ngang isang

kapangyarihan?Tuklasin mo ang mahalagang perlas ng karunungang inihanda para sa iyo sa pagpapatuloy ng iyong pag-aaral ng modyul na ito. Inaasahang masasagot ang mahalagang tanong na:Paano dapat gamitin ang isip at kilos-loob ng tao?

Konsepto ng Isip at Kilos-Loob

Isip-Bigyang linaw natin ang kabuuang kalikasan ng tao upang lubos itong maunawaan.Ayon sa paliwanag ni De Torre(1980),ang kaalaman o impormasyong nakalap ng pandama ng tao ay pinalalawak at inihahatid sa isip upang magkaroon ito ng mas malalim na kahulugan.Nangangahulugan lamang na magsisimulang gumawa ang isip kapag nalinang na ang pandama ng tao.Ang isip ay walang taglay na kaalaman o ideya mula sa kapanganakan ng tao.Nakukuha niya ito sa ugnayan niya sa reyalidad sa pamamagitan ng mga panlabas na pandama.Halimbawa,ang tao ay nag-iisip tuwing siya ay gumagawa ng desisyon.

Kilos-loob-Inilarawan ito ni Santo Tomas bilang isang makatuwirang pagkagusto(*rational appetency)* sapagkat ito ay naaakit sa mabuti at lumalayo sa masama.Umaasa ito sa isip ,kaya't mula sa paghuhusga ng isip ay sumusunod ang malayang pagnanais ng kilos-loob.Halimbawa,maaaring piliin ng kilos-loob na hindi kumain ng masasarap na pagkain dahil nakakasama ito sa kalusugan.

Subukin Natin

Gawain 1: Pagkakaiba at Pagkakatulad!
Panuto: Tunghayan ang dalawang larawan . Paghambingin ang katangian ng tao at hayop. Isulat sa tsart ang kasagutan at sagutan ang mga pamprosesong tanong sa patlang.



Tanong	Tao	Hayop
1. Ano ang mayroon sa bawat isa upang makita ang babala?		
2. Ano ang kakayahang taglay ng bawat isa upang maunawaan ang sinasabi ng babala?		
3. Ano ang kakayahang taglay ng bawat isa upang sundin ang sinasabi ng babala?		
4. Ano ang inaasahang magiging tugon ng bawat isa sa babala?		

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng tao sa hayop?
   _____
   _____
   _____
   _____
2. Paano kumilos ang tao at hayop?
   _____
   _____
   _____
   _____
3. Ano ang natuklasan mo tungkol sa tao at sa hayop batay sa pagsusuri ng mga larawan?
   _____
   _____
   _____
   _____

Isagawa Natin

Gawain 2: Tama Ka!

Panuto: Basahin at unawain ang sitwasyon na nasa ibaba. Isulat ang mga sagot sa inilaan na patlang sa bawat bilang.

Sitwasyon

Katatapos lamang ng inyong *2nd Quarter Virtual Recognition* at napag alaman mo na ang iyong kapitbahay na kaklase mo ay isa sa ginawaran ng karangalan bilang with high honors at alam na rin ng mga klasmeyts mo at ikaw mismo na kanyang matalik na kaibigan na hindi siya ang sumasagot sa mga modyul.Tuwing magkikita kayong magka klasmeyts ay siya nalang palagi ang pinag-uusapan at galit na galit silang lahat kay Joana.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang gagawin mo sa sitwasyong ito?

   _____
   _____
   _____

2. Ano ang magiging epekto ng gagawin mo sa mga kaklase mong nagkukuwentuhan tungkol kay Joana?

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang magiging epekto kay Joana ng gagawin mo?

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang magiging epekto sa iyo ng gagawin mo?

   _____
   _____
   _____
   _____

5. .Babaguhin mo ba ang naging pasiya mo? Bakit oo? Bakit hindi?

   _____
   _____
   _____
   _____

Ilapat Natin

Gawain 3: Pagnilayin Mo!

Panuto: Gumawa ng isang sanaysay batay sa tanong na nasa ibaba. Sa paanong paraan mo gagamitin ang iyong isip at kilos- loob sa nasabing sitwasyon? Sundin lamang ang nakalakip na *rubric* bilang pamantayan sa pagwawasto ng sanaysay.

Sitwasyon

Tinawagan ka ng iyong matalik na kaibigan na magkita kayo sa mall kahit alam niya na ikaw ay may *online classes* at may pagsusulit pa kayo sa araw na iyon. Lalo ka pang nahikayat na makipagkita sa kanya dahil ililibre ka niya sa J*ollibee* at manonood pa kayo ng inaabangan ninyong pelikula na pinagbibidahan pa ng iyong paboritong artista.

Pamprosesong Tanong:

Sa panong paraan mo gagamitin ang iyong isip at kilos-loob sa sitwasyong ito?

Rubrik

Pamantayan	10 puntos	7 puntos	5 puntos
Nilalaman	Mabisang naipakita ang mensahe	Di- gaanong naipakita ang mensahe	May kakulangan ang mensahe
Pagkamalikhain	Napakaganda at malinaw ang pagkasulat ng sanaysay	Maganda at malinaw ang pagkasulat ng sanaysay	Maganda ngunit hindi malinaw ang pagkasulat ng snaysay
Kahalagahan	May malaking kaugnayan ang kasagutan sa paksa	Di-gaanong malaki ang kaugnayan ng kasagutan sa paksa.	Kaunti lang ang kaugnayan ng kasagutan sa paksa.

Sanggunian

Brizuela, Mary Jean B. et..al (2015) Edukasyon sa Pagpapakatao 10, Modyul para sa Mag-aaral, Unang Edisyon.

SSLM Development Team

Writer: **Cecilia L. Taghoy**
Evaluator: **Mark G. Arriesgado**
Illustrator: **Lovely Joy P. Utlang**
Creative Arts Designer: **Reggie D. Galindez**
Education Program Supervisor- ESP : **Luzviminda R. Loreno, Ph.D.**
Education Program Supervisor – Learning Resources: **Sally A. Palomo**
Curriculum Implementation Chief: **Juliet F. Lastimosa**
Asst. Schools Division Superintendent: **Carlos G. Susarno, Ph. D.**
Schools Division Superintendent: **Romelito G. Flores, CESO V**

Susi sa Pagwawasto

Mga Paalala sa Guro:
Ang iba’t-ibang gawain ay nangangailangan ng matalino at maayos na pagdedesisyon ng mag-aaral batay sa kanilang sariling kaalaman at natutuhan. Maaring gamitin ng guro ang ibinibigay na rubrik sa pagwawasto o pagmamarka.